

Edukasyon sa Pagpapakatao 5

Summative Test No. 1

Modules 1-2

4th Quarter

Pangalan: _____

Score: _____

I. Piliin ang angkop na sagot sa bawat bilang. Isulat ang titik nang tamang sagot.

_____ 1. Nabahaan ang isa sa iyong mga kamag-aral. Nakiusap ang iyong guro na magbigay kahit ano para makatulong sa kanya. Ano ang gagawin mo?

- A. Hayaang sila lamang ang magbibigay kasi marami na sila.
- B. Magkunwaring walang alam sa sinabi ng guro.
- C. Sabihin sa mga magulang ang pakiusap ng iyong guro.
- D. Kunin ang perang itinago ng iyong ina at ibigay sa kamag-aral.

_____ 2. Nakita mong matamlay na nakaupo sa ilalim ng puno ang kamag-aral mo. Ano ang iyong gagawin?

- A. Ipagbigay alam sa iba pang kamag-aral ang iyong nakita.
- B. Lalapitan siya at magtatanong kung anong problema niya.
- C. Liwan siyang mag-isa baka gusto niyang mapag-isa.
- D. Titingnan lamang siya sa malayo.

_____ 3. Sinabi ng kamag-aral mo na madalas siyang saktan ng kanyang mga magulang. Binalaan ka niya na huwag ipagsasabi sa iba kasi takot siya sa mga magulang niya. Ano ang gagawin mo?

- A. Lumapit ka sa guro at sabihin sa kanya ang nangyayari sa kamag-aral mo.
- B. Susundin ang pakiusap ng kamag-aral na huwag ipagsasabi sa iba.
- C. Pupunta ka sa pulis at sabihin sa kanila ang pangyayari.
- D. Magkunwaring wala kang alam.

_____ 4. Madalas mong nakikita ang isang batang natutulog lamang sa isang upuan sa parke. Marumi ang damit at mukhang gutom ang bata. Ano ang gagawin mo?

- A. Bibigyan ng regalo para kahit papaano ay magiging masaya siya.
- B. Hayaan siyang matulog sa parke baka wala siyang bahay.
- C. Ipagbigay-alam sa pulis upang hulihin siya.
- D. Pakiusapan ang mga magulang na ipagbigay-alam sa DSWD upang matulungan siya.

_____ 5. Nalaman mong may lagnat ang iyong kaibigan subalit pumasok pa rin siya sa paaralan kasi mayroon kayong pasulit sa araw na iyon. Ano ang gagawin mo?

- A. Pakokopyahin siya sa iyong mga sagot kasi hindi maganda ang pakiramdam niya.
- B. Ipagbigay-alam sa guro ang kalagayan niya.
- C. Hayaan lamang siyang pumasok kahit may lagnat.
- D. Magkunwaring walang alam sa kalagayan niya.

_____6. Nakiusap sa iyo ang iyong kaibigan na huwag ipaalam sa kanyang ina na bagsak siya sa inyong ginawang pasulit. Kapag sinabi mo sa kanyang ina ay magagalit siya sa iyo. Ano ang gagawin mo?

- A. Hindi sasabihin sa kanyang ina ang totoo.
- B. Kahit magalit siya sa iyo ay sasabihin mo pa rin sa kanyang ina upang matulungan siya sa mga susunod pang mga pasulit.
- C. Hihingi ng pera ka kanya upang hindi mo sasabihin ang totoo sa kanyang ina.
- D. Mas mahalaga sa iyo ang inyong pagkakaibigan kaya manahimik ka lamang.

_____7. Nalaman mong iniwan ang mga maliliit na bata sa kanilang bahay ng kanilang mga magulang dahil kailangan nilang magtrabaho para kumita ng pera. Walang matandang tumitingin sa kanila. Ano ang gagawin mo?

- A. Aalukin ang mga magulang nila na doon sa inyong bahay iiwan ang mga bata upang walang masamang mangyari sa kanila.
- B. Pagsabihan ang kanilang mga magulang na masama ang kanilang ginagawa.
- C. Isumbong sa pulis ang kanilang ginagawa.
- D. Hayaan lamang sila sa kanilang ginagawa.

_____8. Sa tuwing namamalengke kayo ay madalas mong nakikita ang isang matanda sa tabi na nagpapalimos. Ano ang gagawin mo?

- A. Huwag titingnan ang matanda.
- B. Hindi dadaan kung saan naroon ang matanda.
- C. Makiusap sa magulang na ipagbigay alam sa kinauukulan upang mabigyan siya ng tulong.
- D. Hindi sasama sa pamamalengke upang hindi makita ang matanda.

_____9. Marami ang nawalan ng tirahan at ari-arian sa nagdaang bagyo sa inyong lugar. Isa kayo sa naging biktima ngunit kaunti lang ang pinsala ng bagyo sa inyong pamilya. Ano ang gagawin mo?

- A. Ibahagi sa ibang mga biktima kung anong mayroon kayo.
- B. Itago kung anong mayroon kayo para handa ka sa susunod na bagyo.
- C. Pagsabihan ang ibang biktima na lumapit sa inyong mayor upang humingi ng tulong.
- D. Hayaan silang lutasin ang kanilang problema.

_____10. Nanawagan ang inyong kapitan na kung maari ay magbigay ng donasyon sa mga biktima ng bagyo sa Samar. Tatanggapin kahit ano gaya ng damit, pagkain at pera. Ano ang gagawin mo?

- A. Magpaalam sa magulang na ibibigay mo ang iyong naipon sa alkansiya.
- B. Pumili ng mga hindi na gagamiting damit at ibigay ito bilang donasyon.
- C. Ipagbigay-alam sa iyong mga kamag-anak na nasa ibang bansa baka may maitulong din sila.
- D. Lahat ng nabanggit.

_____11. Ang mga sumusunod ay ang mga iba't ibang paraan ng pagsasamba sa Diyos, maliban sa isa.

- A. Pumunta sa simbahan tuwing araw ng pagsamba.
- B. Pagdarasal na may gamot na sa COVID-19 virus.
- C. Pagkukwentuhan sa katabi sa panahon ng pagsisimba.
- D. Pagtulong sa mga nangangailangan, lalonglalo sa panahon ng pandemya.

_____12. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng batang may malalim na pananampalataya sa Diyos?

- A. Igalang ang kapwa kahit saan man magpunta.
- B. Pagdarasal na may bagong gadget
- C. Magsabi ng totoo sa lahat ng oras.
- D. Alalayan ang matandang tumatawid sa kalsada.

_____ 13. Namasyal ka kasama si nanay. Nakita mong may tumatawid na matanda. Ano ang gagawin mo?

- A. Huwag mo na lamang pansinin.
- B. Sasabihin mo na lamang na mag-iingat siya.
- C. Pagtatawanan mo siya.
- D. Magpaalam sa nanay at ihahatid ang matanda sa tawiran.

_____ 14. Paano maaaring maipakita at maipadarama ang pananalig at pagmamahal sa Diyos ng bawat isa sa atin?

- A. Pagsasawalang-bahala sa mga kakailanganin ng kapwa na kaya mong tugunan.
- B. Pagtanging lumahok sa mga programang makatutulong sa kapwa dahil sa walang gana.
- C. Pagmamalasakit sa kalagayan ng kapwa at pagbibigay pag-asa sa kanila.
- D. Pag-iwas sa mga taong nangangailan ng tulong.

_____ 15. Ang mga sumusunod ay ang dahilan kung Ang mga sumusunod ay ang dahilan kung bakit ang pagpapakita ng pagmamahal sa kapwa at sa Diyos ay nagpapakita ng pasasalamat sa kanya, maliban sa isa.

- A. Kung ano ang ginawa natin sa kapwa ay ito rin ang ginawa natin sa Diyos.
- B. Lisa lamang ang hiling niya na dapat pagmamahal ang mangingibabaw sa buong mundo.
- C. Sapat na sa kanya na tayo ay magmahalan bilang tanda ng pasasalamat sa kaniya.
- D. Kinakailangan upang tayo ay bigyan ng maraming pera at maging mayaman sa mundong ibabaw.

_____ 16. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagsunod sa utos ng Diyos?

- A. Ibigin mo ang Diyos ng higit sa lahat.
- B. Magnakaw ka.
- C. Huwag mong igalang ang nanay at tatay mo.
- D. Nararapat na ikaw ay magnasa sa kapwa mo.

_____ 17. Bakit kailangan igalang ang kapwa?

- A. Para walang magalit sayo.
- B. Para masaya ang lahat.
- C. Para manatili ang katahimikan.
- D. Para igalang ka rin ng kapwa mo.

_____ 18. Alin sa mga sumusunod ang hindi tama?

- A. Igalang mo ang iyong ama at ina.
- B. Huwag kang magnakaw.
- C. Huwag kang magbintang.
- D. Kasiyahan ang manira ng puri sa iba.

- _____ 19. Ano ang pinakamahalagang regalong kaloob ng Diyos?
- A. Magkaroon ng maraming pera.
 - B. Ang magkaroon ng buhay.
 - C. Magkaroon ng masasarap na pagkain.
 - D. Wala sa nabanggit.
- _____ 20. Bakit kaya tayo nagdarasal?
- A. Para sa mga taong nangangailangan ng tulong.
 - B. Para sa mga gustong manalo ng sugal.
 - C. Para magkaroon ng bagong cellphone.
 - D. Lahat ng nabanggit.

SUMMATIVE TEST 1 KEY:

- 1. C
- 2. B
- 3. A
- 4. D
- 5. B
- 6. B
- 7. A
- 8. C
- 9. A
- 10. D
- 11. c
- 12. d
- 13. d
- 14. c
- 15. d
- 16. a
- 17. d

18.d
19.b
20. a